IB DIPLOMA PROGRAMME
PROGRAMME DU DIPLÔME DU BI
PROGRAMA DEL DIPLOMA DEL BI

**PILIPINO A2 – HIGHER LEVEL – PAPER 1**
**PILIPINO A2 – NIVEAU SUPÉRIEUR – ÉPREUVE 1**
**FILIPINO A2 – NIVEL SUPERIOR – PRUEBA 1**

Monday 10 May 2004 (afternoon)
Lundi 10 mai 2004 (après-midi)
Lunes 10 de mayo de 2004 (tarde)

2 hours / 2 heures / 2 horas

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Section A consists of two passages for comparative commentary.
- Section B consists of two passages for comparative commentary.
- Choose either Section A or Section B. Write one comparative commentary.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- La section A comporte deux passages à commenter.
- La section B comporte deux passages à commenter.
- Choisissez soit la section A, soit la section B. Écrivez un commentaire comparatif.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- En la Sección A hay dos fragmentos para comentar.
- En la Sección B hay dos fragmentos para comentar.
- Elija la Sección A o la Sección B. Escriba un comentario comparativo.

*Piliin ang alinman sa Seksyon A o Seksyon B.*

## SECTION A

*Suriin at paghambingin ang mga sumusunod na teksto.*

*Talakayin ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga teksto at ang kanilang tema. Isama sa komentaryo ang mga paraang mga awtor sa paggamit ng mga elemento tulad ng, istruktura, tono, imahe, at iba pang istilistikong pamamaraan para iparating ang kanilang mga layon.*

**Teksto 1** (a)

### Ang Tunay na Pag-ibig

Ang tunay
na pag-ibig ay kabaong
na walang laman.
Ang nakikiramay
ay dumarating
na may bulaklak sa lalamunan
at luha sa bulsa.
Nakaupo sila
sa ngipin ng kalungkutan.
Tulog ang kanilang isip.
Alam nila kung nasaan
Ang patay...
kung ano ang kulay
ng kanyang kamay...
na walang lapida
sa kanyang noo...
palagay
ang kanilang ulo
sa kaalamang “ang sulat ay kumikitil
ngunit ang kaluluwa ay
nagbibigay buhay.”

Tula ni Cirilo F. Bautista, *DLSU Press* (1986)

**Tcksto 1** (b)

## Tunay

Ilang linggo nang comatose si Melvin. Pumasok ako sa kanyang kuwarto sa intensive care unit ng St. Luke at tingnan ang natutulog kong prinsipe. May dala akong isang tangkay ng rosas, kulay pula.

Tumabi ako sa kanya at hinawakan ang kanyang kamay. Naalaala ko ang sabi sa akin ni Anne. Tahimik akong nagdasal kay Panginoong Hesus na pagalingin si Melvin. Siya lang ang makakagawa nito. Sinabi ko rin na kaya Niyang tanggalin ang kahit anong sumpa dahil Siya ang tunay na makapangyarihan. Nagtapos ako sa pagdasal na tulungan Niya akong magpatawad, gayundin si Melvin. Lahat nang ito ay ipinapaubaya ko na sa Kanya at Kanya lang.

Umiiyak akong inihiga ang aking ulo sa kama ni Melvin. Mahigpit kong hawak ang kanyang kamay.

"Melvin, mahal din kita. Ang una kong pag-ibig ay iniwan ako. Ang pangalawa ay sinaktan ako. Ikaw, na pangatlo, ikaw ang tanging ang pag-ibig na hindi ko pakakawalan. Melvin, kailangan mong gumising dahil handa na muli akong umibig. Kung gigising ka ngayon ay ipapangako ko na ako'y iyo habangbuhay. Magpakailanman, Melvin."

Hinagkan ko ang malambot na kamay ng aking minamahal, ang pinakahuli.

Tumingin ako sa labas, sa may bintanang sarado. Tanaw ko ang dinuduyang puno sa labas, kumakaway sa akin ang mga daliri nito.

Naramdaman ko rin ang pag-init ng kamay na hawak ko. Babahagyang may pisil na nakapagpangiti sa akin. Ubod tamis na ngiti.

Bahagi ng nobelang *Tunay na Pag-ibig* ni Nilda Cho (2001)

## SEKSYON B

*Suriin at paghambingin ang mga sumusunod na teksto.*

*Talakayin ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga teksto at ang kanilang tema. Isama sa komentaryo ang mga paraan ng mga awtor sa paggamit ng mga elemento tulad ng istruktura, tono, imahe at iba pang istilistikong pamamaraan para iparating ang kanilang mga layon.*

**Teksto 2** (a)

### Sa Pagwawalay ng Biik

Ang panahon na bago maiwalay ang biik hanggang sa maiwalay na ito sa inahin ay parehong mabigat ang loob ng mga biik. Ang pagwawalay ay isa sa pinakamaselan na yugto para sa mga biik dahil nawawala iyong pinagkukunan nito ng gatas, na siyang pinagkukunan nila ng sustansiya.

Kapag nanlumo ang mga bagong walay na biik, ito ay nananamlay at nawawalan ng ganang kumain. Nagkakaroon ito ng pagkaantala sa paglaki. Maaari ring humina ang resistensiya ng biik at magkaroon ito ng iba't ibang sakit, gaya ng ubo, sipon at pagtatae. Kapag nagdulot ito ng kumplikasyon, maaari ring mamatay ang biik. Ang pagpapakain ng solidong pakain nang maaga o ang paggamit ng pampalusog na pakain tulad ng *Boostina* ay nakatutulong upang makapagbawas ng panlulumo sa mga bagong walay na biik.

Kung sila ay masanay na sa solidong pagkain nang maaga, mas kaunting panlulumo na ang kanilang mararanasan sa panahon ng walay dahil pamilyar na sila sa ganitong uri ng pakain. Nakakatulong din na ang inahin ang iwawalay sa mga biik at hindi ang mga biik ang iwawalay sa inahin.

Makinig lagi sa radyo sa *Purina sa Barangay* para mapanatiling malusog ang inyong mga biik. Iba na ang may magandang simula pagdating sa pag-aalaga.

Mula sa "Balitang Purina", advertisement sa *Liwayway Magazine*, Abril 2003

**Teksto 2** (b)

**Bunso**

Ganoon nga lang yata ang lahat ng bagay. Sa huli ay magiging titik din lang tayo sa lapida ng ating mga puntod.

Iyon ang sinabi ko sa sarili ko nang ibinababa na ang kabaong ni Tatay. Hindi na ako nagpaalam sa kaniya. Nagawa ko iyon noong una ko siyang makitang nakaratay sa morge ng ospital. Ako lang ang kanyang anak na nasa loob ng morgeng iyon nang huli akong namaalam sa kanya. Kasama ko si Nanay na tahimik na noong mga oras na iyon. Si Kuya Jun ay busy sa pag-aasikaso ng punerarya. Si Kuya Mat ay kinokontak sa phone si Ate Nikki.

Nang pinagmamasdan ko siya sa loob ng morgeng iyon, naisip kong malapit na rin kami. Dati-rati, parang napakalayo ng kamatayan. Siyempre, nalungkot ako nang mamatay ang mga lolo't lola ko sa nanay at sa tatay. Natahimik din ako sandali nang mamatay ang ibang kapatid ng aking mga magulang. Sandali rin akong nagnilay nang mamatay ang mga magulang ng ilan kong barkada't kakilala. Pero nang si Tatay na ang mamatay, sabi ko sa sarili ko, heto na ang kamatayan, kami na ang susunod, o kami na ang isusunod. Kumakatok na sa aming mga buhay ang kamatayan. Hindi na ito malayo, hindi na ito estranghero, di tulad ng dati kong alam.

Sinipi sa "Bunso" ni Eli Rueda Guieb III, *Ateneo de Manila Press* (2002)